CoC

# Patnubay ng Pag-uugali

Patnubay ng Pag-uugali ng Korporasyon ng Grupo ng MM

# Ang Patnubay ng Pag-uugali ng Korporasyon

## Ang Patnubay ng Pag-uugali ng Korporasyon

Ang Mayr-Melnhof Karton AG at ang mga subsidiary nito (ang Grupo ng MM, na mula dito ay tutukuyin bilang 'MM') ay nagtataguyod ng responsableng pagpapalakad ng korporasyon na ginagabayan ng mga prinsipyo ng integridad, legalidad, katapatan at kalinawan.

Ang pagtitiwala sa isa't isa bilang batayan ng pag-uunawa ay nagbibigay ng basehan para sa konstruktibong samahan sa loob ng kumpanya at sa mga kasosyo sa negosyo. Upang maabot ang matataas na mga kinakailangan hangga't maari, naglalagay ang MM ng matataas na pamantayan sa mga empleyado nito gayundin sa mga kustomer, supplier, tagapagbigay ng serbisyo at iba pang nakakontratang kasosyo nang may responsableng pag-uugali kabilang at integridad.

Itong Patnubay ng Pag-uugali ng Grupo ng MM ay hango sa mga pangunahing prinsipyo ng Grupo ng MM at alinsunod ito sa mga mahahalagang pamantayan sa trabaho ng ILO, sa OECD na Patnubay para sa mga Multinasyonal na mga Negosyo at ang mga prinsipyo ng Global Compact Initiative ng UN, kung saan ang MM ay isang miyembro.

Ang Patnubay na ito ay isang balangkas at gabay para sa pagpapanatili at responsableng panggagawa sa loob at sa mga kasamahan ng Grupo ng MM. Naiintindihan namin ang pagpapanatili ayon sa kahulugan ng Agenda 2030 at ng UN Sustainable Goals at sa nakapaloob dito, kung saan aktibong nag-aambag ang MM para makamit ito. Ang pag-unlad nang may pagpapanatili ay isang pangunahing bahagi ng pagkakakakilanlan, estratehiya at pamamahala sa mga panganib sa negosyo ng grupo ng MM.

**Inaasahan ng Grupo ng MM na ang lahat ng mga empleyado, kustomer, supplier at iba pang mga kasosyo sa negosyo nito (na tinatawag mula dito na 'kami') na ganap na tumupad sa mga sumusunod na mga prinsipyo.**

Kung saan kinakailangan, ang mga sumusunod na prinsipyo ay isinasagawa sa pagtugon sa mga alituntunin at pagsasanay upang suportahan at para mapagtibay ang kanilang implementasyon.

## Kalidad

Kinakailangang maabot ng aming mga produkto ang mga angkop na legal at pamantayan ng industriya pati maging ang mataas na inaasahan ng aming mga kustomer tungkol sa patuloy na kalidad at kaligtasan ng produkto at pagkain Sa partikular, mahalagang siguruhin ang mga kinakailangang kaligtasan ng produkto at pagkain habang pinapanatili ang mataas na pamantayan ng kalinisan.

## Pagsunod sa mga batas

Sumusunod kami sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon ng mga bansa kung saan kami nagnenegosyo at sinusunod namin ang kani-kanilang mga pamantayan, mga pamantayan ng pag-uugali, at kung saan naaangkop, mga pangakong inihayag.

Ang obligasyon na sumunod sa mga batas ay kabilang, bukod sa iba pang bagay, pagsunod sa lahat ng parusa ng kalakaran at pagpapatigil sa mga naaangkop na pakikipag-ugnayan ng negosyo, kabilang ang pagsunod sa mga proseso para masiguro ang pagsunod sa mga parusa ng aming mga kasosyo sa negosyo.

## Pahayag tungkol sa Polisiya ng Karapatang Pantao

Kami ay nangangako na itaguyod at igalang ang mga karapatang pantao sa kabuuan ng aming linya ng suplay at hindi kami sang-ayon sa anumang uri ng sapilitang pagpapatrabaho at diskriminasyon sa loob ng aming sariling kumpanya at kabilang na rin sa mga kasosyo namin sa negosyo.

Ang pananagutan tungkol sa pagsunod sa mga karapatang pantao ay nasa dalawang departamento. Ang mga panloob na paksa (mga empleyado) ay responsibilidad ng Grupong HR,samantalang ang Grupo ng Pagpapanatili ay responsable sa pagpapasunod ng mga karapatang pantao sa linya ng aming suplay. Ang parehong departamento ay nagpapatupad ng mga aktibidad at mga hakbang sa buong kompanya para sa pagsunod ng mga karapatang pantao.

Patuloy na sinusuri ng Grupong MM ang linya ng suplay nito tungkol sa (potensyal na) paglabag sa karapatang pantao. Sa pagkakataon ng mga paglabag, mabilis at tukoy na mga hakbang ang maaaring gawin upang patuloy na mabawasan ang panganib ng paglabag ng karapatang pantao sa hinaharap.

## Child labor

Hindi kami sang-ayon sa pagpapatrabaho ng mga bata sa aming sariling kumpanya at sa aming mga kasosyo sa negosyo kahit ano pa man ang mga lokal na batas tungkol dito. Bilang pinakamababang pamantayan, kami ay ginagabayan kami ng internasyonal na mga pamantayan (lalo na ang ILO Convention C 138 at C 182) at sinisiguro namin na ang aming mga empleyado ay nasa tamang edad na iniaatas ng batas.

## Paggalang sa isa't isa, Pantay na Pagtrato, Pagtataguyod ng Pagkakaiba-iba

Ipinangako namin sa aming sarili ang paglikha ng isang kapaligiran sa trabaho na may katapatan at paggalang sa kabuuan ng aming grupo. Nakikita namin ang pagkakaiba-iba ng aming mga empleyado bilang isang mahalagang mapagkukunan ng kaalaman at isang makatutulong sa pagsagawa ng aming mga gawain nang mas mahusay at mas malikhain. Tinututulan namin ang anumang uri ng diskriminasyon at pang-aabuso sa kasarian, lahi, kulay ng balat, relihiyon, edad, pinagmulang bansa, kapansanan, o sekswal na oryentasyon.

Ang mga empleyado at aplikante ay sinusuri alinsunod sa prinsipyo ng pantay na pantay na pagtrato.

## Pagpa-unlad sa mga empleyado

Sistematiko naming pinauunlad ang potensyal ng aming mga empleyado para sa kinabukasan ng aming kumpanya. Sa paggawa nito, binibigyang-pansin namin ang propesyonal na pagsasanay gayundin ang mga panlipunan at pansariling mga kakayahan.

## Pakikipag-ugnayan sa mga Empleyado at mga Kinatawan nito

Iginagalang namin ang mga karapatan ng aming mga empleyado sa malayang pagsasamahan. Nagsusumikap kami para sa pangmatagalang konstruktibong pakikipag-usap sa mga kinatawan ng mga mga empleyado.

## Mga Oras ng Trabaho at Sahod

Sinusunod namin ang mga naaangkop na regulasyon sa mga oras ng trabaho sa lahat ng kumpanya ng aming Grupo. Kinikilala namin ang karapatan ng aming mga empleyado sa nararapat na sahod at sumusunod kami sa mga legal na kinakailangan ng kani-kanilang bansa.

## Kalusugan at Kaligtasan

Itinataguyod namin ang kalusugan at kaligtasan ng aming mga empleyado sa pamamagitan ng pagbibigay ng ligtas at maayos na kapaligiran sa trabaho. Ang mga naaangkop na pamantayan para sa maayos at ligtas na lugar ng trabaho ay sinusunod namin. Layunin naming patuloy na mapabuti ang maayos at ligtas na lugar ng trabaho sa pamamagitan ng mga naangkop na mga hakbang tulad ng tuloy-tuloy na pagsusuri at pagsasanay.

## Droga, Alkohol

Inaasahan namin na isinasagawa ng aming mga empleyado ang kanilang trabaho at mga desisyon nang malinaw at nang walang anumang impluwensya ng alkohol o droga.

Ang prinsipyong ito ay para sa magandang kabutihan, kalusugan at kaligtasan ng mga empleyado, lalo na sa pag-iwas sa mga aksidente sa trabaho, at sa pagiging produktibo ng kumpanya.

## Mga Salungatan ng mga Interes, Paglaban sa Katiwalian

Mahigpit naming ihinihiwalay ang mga interes ng kumpanya sa mga pribadong interes. Nais naming maiwasan ang anumang kamukha ng isang pagkasalungat ng mga interes. Nagpapasya kami batay sa resonableng pagsasaalang-alang sa ekonomiya alinsunod sa mga batas at pamantayan. Sa aming mga kasosyo sa negosyo, palagi kaming kumikilos nang napakaayos ayon sa nakapaloob sa mga may kinalamang probisyong laban sa katiwalian, panunuhol, pandaraya, at money laundering. Hindi kami tumatanggap ng anumang mga regalo o pabuya na maaaring magind dahilan ng isang salungatan ng interes. Walang mga suhol o iba pang labag sa batas na bayaran o benepisyong pinansyal ang maaaring tanggapin, ihandog o gawin.

Ang mga benepisyo na tinatanggap, inaalok o ibinibigay ng aming mga empleyado – direkta man o hindi - sa pagsasagawa ng kanilang mga gawain sa negosyo ay dapat lang na naaangkop; tulad ng nakasanayang mabuting pakikitungo at mga kaganapan, gayundin ang mga regalo na mababa lang ang mga halaga.

## Kumpetisyon, Pag-uugali sa Merkado

Nangangako kami sa hindi pagbabawal, patas na kompetisyon sa aming mga kakumpitensya, mga kasosyo sa negosyo, at iba pang kalahok sa aming merkado. Sumusunod kami sa mga batas laban sa pagpigil ng kompetisyon ng lahat ng mga bansa kung saan kami nagnenegosyo.

Ang mga kasunduan at puspusang mga gawain na may layunin o makakaapekto sa pagpipigil, paghihigpit, o pagbaluktot sa kumpetisyon ay ipinagbabawal sa mga nakahayag sa itaas na mga batas.

Ang pagkikipagtulungan sa mga asosasyon at ang pakikilahok sa kanilang mga kaganapan ay para lang sa pinahihintulutang mga layunin. Ang anumang

pagkukumpara sa mga kakumpitensya o pagpapalitan ng impormasyon ay dapat alinsunod sa naaangkop na mga batas.

## Mga Paunawa/Mga Ulat

May reporting channel alinsunod sa mga naaangkop na legal na mga probisyon (sa particular ang Direktiba ng (EU) 2019/1937) ang naitatag (https://mmgroup.integrityline.com) para sa pag-uulat ng mga paglabag sa mga probisyon ng Patnubay ng Korporasyong ito, ibang panloob na mga alituntunin at regulasyon ng Grupo ng MM o mga legal na kinakailangan,. Ang mga ulat at mga sumbong tungkol sa mga naturang paglabag ay maingat na iniimbestigahan alinsunod sa mga legal na tuntunin. Ang proteksyon ng mga nagbibigay ng impormasyon ay sinisiguro; ang mga paghihiganti laban sa mga empleyado at ibang tao na nagtuturo ng mga paglabag ay hindi pinapahintulutan.

## Teknolohiya ng Impormasyon at Proteksyon ng Data

Binibigyang diin namin ang legal at etikal na paggamit ng mga sistema ng impormasyon at nagbibigay kami ng partikular na pagpapahalaga sa seguridad ng IT at proteksyon ng data. Ang legal na pagsunod at etikal na maayos na paggamit sa mga bagong sistema ng IT at teknolohiya, tulad ng artipisyal na karunungan at iba pang malalaking data application ay nangunguna sa aming mga priyoridad. Ang lahat ng empleyado ay kinakailangang regular na gamitin ang lahat ng magagamit na mga hakbang sa seguridad ng IT upang protektahan ang data at impormasyon at umasta alinsunod sa aming mataas na legal at etikal na mga pamantayan.

Ang proteksyon ng personal na impormasyon ng mga empleyado, kasosyo sa negosyo at iba pang data subject ay sinisiguro sa pamamagitan ng teknikal at organisadong mga hakbang. Ang pagproseso ng personal na impormasyon ay ekslusibong nakasunod sa naaangkop na mga tuntunin ng proteksyon ng data.

## Responsibilidad sa Ekolohiya

Bilang isang kumpanya na aktibo sa mundo, itinuturing naming responsibilidad namin na hangga't maari ay aming panatilihin ang pinakababa na ekolohikal na epekto ng aming sariling mga gawain sa negosyo, nang higit pa sa pinakamababang legal na pamantayan. Layunin naming lumikha ng karagdagang postibing halaga para sa kalikasan at lipunan sa pamamagitan ng mga produktong nagpapanatili. Sa pamamagitan nito, nababawasan namin ang mga negatibong epekto ng aming mga panloob na proseso at sa buong linya ng aming suplay.

## Mga Kasosyo sa Negosyo

Inaasahan namin na ang aming mga kasosyo sa negosyo ay palaging sumusunod sa lahat ng mga legal na regulasyon at mga pamantayan ng industriya sa kanilang pakikisosyo sa amin at hinihikayat silang ipatupad at ilapat ang kaparehong mga prinsipyo ng responsibilidad kung saan possible.

Ang Kapulungan ng Namamahala ng Mayr-Melnhof Karton AG

**Mag Legal na Paunawa**

Ang Patnubay ng Pag-uugali na ito ay inilalarawan ang mga payak na pag-uugali ng Grupo ng MM. Gayunpaman, hindi ito dapat gawing batayan para sa paghingi ng isang partikular na uri ng pag-uugali mula sa Grupo ng MM o para sa pagsagawa ng mga kontrakwal na paghahabol laban sa kumpanya.

**Linya ng Integridad ng MM**

Kung may makita kang maling pag-uugali o hindi pagsunod sa Patnubay ng Pag-uugali na ito o pag-uugali na labag sa batas na nakakaapekto sa Grupo ng MM o sa kapakanan ng mga empleyado ng Grupo ng MM, mangyaring iulat ito sa pamamagitan ng Linya ng Integridad ng MM sa (na hindi nagpapakilala, kung nais mo):
https://mmgroup.integrityline.com

**Para sa mga katanungan**

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa Patnubay Pag-uugali na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa:
coc@mm.group

Disyembre 2023